



MGA KIT NG FAT APE AT FAT MINI-APE HANDLEBAR AT RISER

PANGKALAHATAN

Mga Numero ng Kit

55857-10B, 55859-10B, 56832-04C, 56942-10B, 55801311, 55801313, 55801315, 55801317

Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang).

Talahanayan 1. Mga Modelo

Kit	Paglalarawan ng Handlebar
55857-10B, 55801315	Fat Ape, 0.4 m (16 pulgada) ang taas, Satin Black
55859-10B, 55801311	Fat Mini-Ape, 0.3 m (12 pulgada) ang taas, Satin Black
56832-04C, 55801313	Fat Mini-Ape, 0.3 m (12 pulgada) ang taas, Chrome
56942-10B, 55801317	Fat Ape, 0.4 m (16 pulgada) ang taas, Chrome

Ang kit na ito ay hindi akma para sa mga modelo na kinabitan ng mga napapainit na hand grip, mga gauge na nakamount sa handlebar, isang Kit ng Softail Nacelle (H-D Bahagi Blg. 67907-96), o ang Road Tech[®] Radio.

Kailangan ng Mga Karagdagang Piyesa o Accessory

Ang kit na ito ay may kasamang assembly ng handlebar riser na **dapat ikabit** kasama ang handlebar na ito.

Kailangan ng **hiwalay na pagbili** ng mga karagdagang piyesa o accessory para sa tamang pagkakabit ng handlebar kit na ito. Tingnan ang P&A retail catalog o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lang) para sa listahan ng mga kinakailangang piyesa o accessory ng modelong ito.

▲ BABALA

Palitan ang mga brake line gasket. Ang muling paggamit ng mga orihinal na gasket ay maaaring maging sanhi ng pagpalya ng preno at pagkawala ng kontrol sa sasakyan, na nagreresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00318a)

Ang dalawang brake line gasket na matatagpuan sa bawat banjo fitting **ay dapat palitan**. Sumangguni sa katalogo ng mga piyesa para sa taon/modelong ito ng motorsiklo o magpunta sa isang Harley-Davidson[®] dealer para sa mga tamang numero ng piyesa.

Ang mga motorsiklong kinabitan ng isang **idinikit** na kaliwang hand grip ay mangangailangan din ng bagong grip, na nabibili ng hiwalay.

- Sumangguni sa katalogo ng mga piyesa para sa pamalit na orihinal na kagamitan (OE) na mga hand grip.
- Sumangguni sa retail na katalogo ng P&A o sa seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lang) para makita ang mga pagpipiliang Genuine Motor Accessory hand grip na mabibili.

Kinakailangan ang Mga Kagamitan at Suplay

Kinakailangan ng Loctite[®] 271 Threadlocker and Sealant - Red (H-D Piyesa Blg. 99671-97) para sa tamang pagkakabit ng kit na ito.

Kakailanganin din ng sariwa at hindi kontaminadong hydraulic brake fluid. Sumangguni sa manwal ng may-ari o manwal ng serbisyo para sa taon/modelo ng motorsiklong ito upang matukoy ang tamang brake fluid para sa sasakyan nito.

Ang mga item na ito ay makukuha sa dealer ng Harley-Davidson.

Mga Modelong may ABS:

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Ang pag-i-install ng dealer ay iniaatas para sa mga sasakyang may mga ABS na preno. Ang wastong pag-i-install ng kit na ito ay nangangailangan ng paggamit ng mga espesyal na kasangkapan na available lamang sa pamamagitan ng isang Dealer ng Harley-Davidson. Ang hindi wastong naserbisyon sistema ng brake ay pwedeng makaapekto sa pagganap ng preno, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00578b)

Mga Modelong Walang ABS:

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

TALA

Tumutukoy ang pahina ng tagubilin na ito sa impormasyon tungkol sa manwal ng serbisyo. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelong ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito at ito ay makukuha sa dealer ng Harley-Davidson.



Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 10 , Talahanayan 2 and Talahanayan 3 .

PAGHAHANDA

▲ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pagsisimula ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang mga kable ng baterya (negatibong (-) kable muna) bago magpatuloy. (00307a)

▲ BABALA

Tanggalin muna ang pagkakakonekta ng negatibong (-) kable ng baterya. Kapag napadikit ang positibong (+) kable sa ground habang nakakonekta ang negatibong (-) kable, maaaring maging sanhi ng pagsabog ng baterya ang mga magresultang pagsiklab, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00049a)

1. Sumangguni sa manwal ng serbisyo at sundin ang mga tagubilin na ibinigay upang tanggalin ang upuan at idiskonekta ang mga kable ng baterya, una ang negatibong (-) kable. Panatilihin ang lahat ng hardware na pang-mount ng upuan.

▲ BABALA

Kapag nagkukumpuni ng sistema ng gasolina, huwag manigarilyo o magpahintulot ng apoy o sparks sa paligid. Ang gasolina ay napakadaling lumiyab at lubhang sumasabog, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00330a)

2. Luwagan o alisin ang tangke ng gasolina. Sumangguni sa manwal ng serbisyo.

- **Kung kaya na** maakses ang lahat ng harness at koneksyon ng kable ng throttle, ang tangke ng gasolina ay maaaring ilipat pataas at paatras nang hindi tinatangal ang linya ng gasolina o crossover.
- **Kung HINDI kaya na** maakses ang mga koneksyon na ito, ang tangke ng gasolina ay kailangan na ganap na tanggalin at itabi para sa pagkakabit mamaya.

▲ MAG-INGAT

Ang direktang pagkontak ng DOT 5 brake fluid sa mga mata ay maaaring magdulot ng pagka-irita, pamamaga, at pamumula ng mata. Iwasan ang kontak sa mata. Sakaling maidikit sa mata, paagasan ng maraming tubig at humingi ng medikal na tulong. Ang paglunok ng maraming DOT 5 brake fluid ay maaaring magdulot ng pananakit ng tiyan. Kapag nalunok, humingi ng medikal na atensyon. Gamitin sa lugar na may maayos na bentilasyon. **ILAYO SA NAAABOT NG MGA BATA.** (00144b)

▲ BABALA

Ang pagkakadikit sa DOT 4 break fluid ay maaaring magkaroon ng malubhang epekto sa kalusugan. Ang hindi pagsusuot ng tamang proteksyon sa balat at mata ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala.

- Kapag nasinghot: Manatiling kalmado, umalis patungo sa sariwang hangin, humingi ng medikal na tulong.
- Kapag sa balat: Alisin ang mga kontaminadong damit. Banlawan agad ang balat gamit ang maraming tubig sa loob ng 15-20 minuto. Kapag nagkaroon ng pagkairita, humingi ng medikal na tulong.
- Kapag sa mata: Hugasan ang mga apektadong mata nang hindi bababa sa 15 minuto sa ilalim ng dumadaloy na tubig habang nakabukas ang mga talukap ng mata. Kapag nagkaroon ng pagkairita, humingi ng medikal na tulong.
- Kapag nalunok: Magmumog at pagkatapos ay uminom ng maraming tubig. Huwag piliting sumuka. Tawagan ang Poison Control. Kinakailangan ang agarang medikal na atensyon.
- Tingnan ang Safety Data Sheet (SDS) para sa higit pang mga detalye na makukuha sa sds.harley-davidson.com

(00240e)

PAUNAWA

Ang DOT 4 brake fluid ay makapipinsala sa pininturahan at mga ibabaw ng panel ng katawan kapag napadikit sa mga ito. Palaging gumamit ng pag-iingat at protektahan ang mga ibabaw mula sa mga pagtilamsik tuwing nag-aayos ng preno. Ang pagkabigong sundin ito ay maaaring magresulta sa pagkasirang kosmetiko. (00239c)

TALA

Agad na punasan ang anumang natapong brake fluid gamit ang isang malinis, tuyo , malambot na tela. Sundan ito ng masinsinang pagpunas sa apektadong bahagi gamit ang isang malinis, mamasa-masa , malambot na tela (sa mga maliliit na tapon) o paghuhugas gamit ang maraming masabon na tubig (sa mga maraming tapon).

Takpan ang mga malalapit na surface ng motorsiklo gamit ang H-D Service Cover o polyethylene protective sheet para maprotektahan ang finish laban sa pagkasira na dulot ng pagtulo o pagtalsik ng DOT 4 brake fluid.

3. I-drain ang brake fluid mula sa harapang brake reservoir at sa mga linya ng preno alinsunod sa mga tagubilin sa manwal ng serbisyo.

PAG-AALIS NG ORIHINAL NA HANDLEBAR

TALA

Takpan ang harapang fender at ang harapan ng tangke ng gasolina gamit H-D Service Covers o malinis na tuwalya upang maiwasan ang pagkagsgas.

Alisin ang windshield, kung mayroon.

Mga Dyna at Softail na Modelo

PAUNAWA

Maingat na alisin ang mga bahagi ng brake line. Ang pinsala sa mga ibabaw na pinagkakabit ay maaaring maging sanhi ng pagtagas. (00320a)

1. Tandaan ang pagruruta ng harapang linya ng preno at ang oryentasyon ng mga banjo fitting. Tingnan ang manwal ng serbisyo at idiskonekta at tanggalin ang brake line. Itabi ang mga banjo bolt, pero itapon ang mga gasket ng brake line.
2. Tingnan ang manwal ng serbisyo at idiskonekta ang clutch cable mula sa clutch lever. Idiskonekta ang kable ng clutch mula sa takip sa gilid at tanggalin ang kable mula sa sasakyan.

TALA

Bago idiskonekta ang wiring ng handlebar control, tandaan ang mga dinadaan ng wire.

Ang mga 2007-2011 na Dyna at 2007-2010 na Softail na modelo na gumagamit ng mga Molex konektor. Ang mga 2006 at mas naunang sasakyan ay gumagamit ng mga pangkonektang Deutsch. Sumangguni sa seksyon ng tamang pangkonekta sa appendix ng manwal ng serbisyo para sa mga pamamaraan ng pagdiskonekta.

2012 at mas bagong Dyna at 2011 at mas bagong Softail na mga modelo gamit ang mga JAE connector na hindi nangangailangan ng depinning upang ipasok sa handlebar.

3. Alisin at itapon ang anumang plastik na retainer clip ng wiring at mga kableng strap na nagkakabit sa handlebar control at wiring ng senyas sa pagliko mula sa mga handlebar papunta sa mga pangkonekta ng harness junction. Kung kinakailangan, sumangguni sa seksyon ng wastong connector na nasa apendiks ng manwal ng serbisyo upang idiskonekta ang pagkakable ng handlebar kontrol mula sa gray eight-way at itim na six-way connector ng pangunahing harness sa ilalim ng tangke ng gasolina.

TALA

Bago idiskonekta ang wiring ng senyas sa pagliko, tandaan ang pagruruta ng wire ng senyas sa pagliko.

4. Ihiwalay ang mga kalahati ng six-way connector ng senyas sa pagliko, kung mayroon.

TALA

HUWAG alisin ang mga wire mula sa housing ng pangkonekta ng handlebar switch sa ilalim ng tangke ng gasolina.

HUWAG alisin ang mga wire mula sa Multilock na housing ng pangkonekta sa ilalim ng tangke ng gasolina.

5. Tandaan ang mga kular at posisyon ng wire sa bawat lukab ng mga housing ng pangkonekta na nagmumula sa mga switch at sa mga senyas sa pagliko. Sumangguni sa seksyon ng tamang pangkonekta sa appendix ng manwal ng serbisyo upang alisin ang mga wire mula sa mga housing.
6. Gumamit ng tape upang balutin ang mga dulo ng mga wire terminal mula sa bawat indibidwal na harness para makagawa ng hiwalay na mga leader. Balutin ang bawat leader nang may sapat na higpit upang maipasok sa butas ng grommet at madaling maidaan sa loob ng mga bagong handlebar.

7. Tanggalin ang mga assembly ng harapang brake master cylinder at clutch lever mula sa handlebar, kasama ang nakakabit na mga ilaw ng senyas at mga salamin, kung nakakabit.
8. Hilahin ang sheath ng kable at naka-enclose na mga harness sa mga handlebar upang matanggal ang mga handlebar control at ang mga ilaw ng senyas sa pagliko mula sa motorsiklo. Itabi ang mga assembly ng handlebar control/ilaw ng senyas sa pagliko.
9. Sumangguni sa manwal ng serbisyo para sa pagtatanggal ng assembly ng kanang bahagi na switch housing at harness (19). Kinakailangan ito upang ma-access ang mga kable ng throttle.
10. Sumangguni sa manwal ng serbisyo upang idiskonekta ang mga kable ng idle at throttle mula sa kanang grip/throttle sleeve assembly. Idiskonekta ang mga kable ng idle at throttle mula sa induction module. Kung hindi pinapalitan, tanggalin ang kanang grip/throttle sleeve at itabi ito para sa pagkakabit ng bagong handlebar.
11. Sumangguni sa manwal ng serbisyo para sa pagtatanggal ng assembly ng housing ng switch sa kaliwang bahagi at harness ng kable.

12. **Para sa lahat ng Dyna at Softail na modelo MALIBAN sa Rocker (FXCW/C):** Tingnan ang Figure 1 . Tanggalin at itapon ang mga turnilyo (1), pang-itaas na clamp (2) at handlebar (4). **Para sa mga Rocker na (FXCW/C) modelo:** Tingnan ang Figure 2 . Tanggalin at itapon ang apat na hex socket head na mga turnilyo (1) na nagkakabit sa pang-itaas na clamp ng handlebar (2) sa mga riser (3). Tanggalin at itapon ang clamp. Tanggalin ang mga handlebar (4 at 5) mula sa motorsiklo.




Figure 1. Mga Clamp at Riser ng Handlebar (Dyna at Softail na mga Modelo)




Figure 2. Handlebar Clamp at Riser (Rocker na mga Modelo)

13. **Kung hindi nakadikit ang kaliwang hand grip sa handlebar:** Tanggalin ang hand grip at itabi ito para maikabit sa bagong handlebar, maliban kung papalitan.

TALA

Tandaan ang pagkakasunod-sunod at oryentasyon ng riser hardware habang ito ay tinatangal, at itabi ito para sa pagkakabit mamaya.

14. **Para sa lahat ng Dyna at Softail na modelo MALIBAN sa Rocker (FXCW/C):** Tingnan ang Figure 1 . Tanggalin ang dalawang pang-mount na bolt ng riser (5) mula sa ilalim ng pang-itaas na fork bracket. Tanggalin at itapon ang mga handlebar riser (3), ngunit itabi ang natitirang riser isolation hardware para sa pagkakabit mamaya. **Para sa mga Rocker na (FXCW/C) modelo:** Tingnan ang Figure 2 . Tanggalin at itapon ang dalawang pang-mount na bolt ng riser (6) at mga lockwasher (7) mula sa ilalim ng pang-itaas na fork bracket. Tanggalin at itapon ang mga handlebar riser (3), ngunit itabi ang natitirang riser isolation hardware para sa pagkakabit mamaya. **Para sa lahat ng Dyna at Softail na modelo:** Magpatuloy sa "PANLOOB NA PAGKAKABLE NG BAGONG HANDLEBAR" .

Mga 2003 at Mas Bagong Road King na Modelo, 2016 at mas bagong Freewheeler na Modelo

PAUNAWA

Maingat na alisin ang mga bahagi ng brake line. Ang pinsala sa mga ibabaw na pinagkakabit ay maaaring maging sanhi ng pagtagas. (00320a)

1. Tanggalin at itabi ang button head na turnilyo sa ilalim na bahagi ng fork stern at bracket assembly na humahawak sa brake line manifold tee.
2. Tandaan ang pagruruta ng harapang linya ng preno at ang oryentasyon ng mga banjo fitting. Tingnan ang manwal ng serbisyo at idiskonekta at tanggalin ang brake line. Itabi ang mga banjo bolt, pero itapon ang mga gasket ng brake line. **Mga Modelo na may ABS brake:** Tanggalin ang mga linya hanggang sa likod ng brake controller unit.
3. **sa LAHAT ng sistema ng brake:** Tingnan ang manwal ng serbisyo. Idiskonekta ang kable ng clutch mula sa clutch lever o ang clutch line mula sa master cylinder. Idiskonekta ang kable o linya ng clutch mula sa takip sa gilid.
4. Alinsin ang master cylinder ng harang preno at mga assembly ng clutch lever mula sa handlebar.
5. Tingnan ang manwal ng serbisyo at tanggalin ang assembly ng headlamp mula sa nacelle ng headlamp.

TALA

Ang mga 2007-2013 na modelo ay gumagamit ng mga Molex connector. Ang mga 2006 at mas naunang sasakyan ay gumagamit ng mga pangkonektang Deutsch. Sumangguni sa seksyon ng tamang connector sa apendiks ng manwal ng serbisyo para sa mga pamamaraan ng diskoneksyon at koneksyon.

Ang mga 2014 at mas bagong modelo ay gumagamit ng mga JAE connector na hindi nangangailangan ng depinning upang ipasok sa handlebar.

6. Tanggalin ang mga retainer clip ng plastic wiring na nagkakabit ng mga harness ng senyas sa pagliko sa handlebar, kung nakakabit.
7. Para sa mga 2013 at mas lumang modelo sumangguni sa seksyon ng wastong connector na nasa apendiks ng manwal ng serbisyo upang idiskonekta ang pagkakable ng handlebar control mula sa gray six-way o eight-way, at itim na six-way connector ng pangunahing harness sa loob ng headlamp nacelle. Para sa 2014 at mas bagong mga modelo, idiskonekta ang mga JAE connector mula sa mga caddy sa magkabilang panig ng steer head (2 sa kanan at 1 sa kaliwa). **Para sa mga sasakyan na may mga senyas sa pagliko na nakamont sa handlebar,** ihiwalay ang six-way na mga kalahati ng connector ng senyas sa pagliko.

TALA

Ang kasalukuyang mga kit ng naka-extend na kable ng switch ay magagamit para sa mga modelo na kinabitan ng cruise control ay limitado sa 2008-2013 na mga modelo.

8. **Para sa 2008 - 2013 na mga modelo lamang:** Idiskonekta ang elektronikong pagkakable ng cruise control mula sa dalawang four-way connector kung kinakailangan.
9. Tingnan ang manwal ng serbisyo at isagawa ang mga sumusunod:
 - a. Tanggalin ang housing assembly ng switch ng kanang bahagi at harness.

- b. **Para sa 2007 at mas lumang mga modelo:** Idiskonekta at tanggalin ang mga kable ng throttle/idle mula sa kasalukuyang nakakabit na kanang hand grip/throttle sleeve assembly.
- c. **Para sa LAHAT ng modelo:** Tanggalin ang assembly ng kaliwang switch housing at harness ng kable.
10. Tanggalin at itapon ang anumang mga retaining clip ng kable na nakakabit sa mga harness o sa handlebar.
11. **Kung ang kaliwang hand grip ay hindi nakadikit sa handlebar:** Tanggalin ang end cap mula sa grip kung nakakabit. Tanggalin ang hand grip at itabi ito para sa pagkakabit sa bagong handlebar, kung ninanais.
12. Tanggalin ang end cap mula sa kanang hand grip kung nakakabit, pagkatapos ay tanggalin ang grip mula sa handlebar.

TALA

Sa mga 2008 at mas bagong modelo: Ang sensor ng twist grip sa kanang bahagi ng handlebar ay may panselyong takip na pumoprotekta sa mga panloob na electrode mula sa dumi at halumigmig, at gumagana rin bilang isang retainer para sa hand (throttle) grip.

Upang matanggal ang throttle grip, maaaring kailanganin ang bahagyang paghila upang matanggal ang mga index pin sa grip mula sa receptacle sa panselyong takip.

Kung ang throttle grip AY HINDI papalitan: Pagkatapos na tanggalin ang grip, tandaan kung ang panselyong takip ay nakakabit sa dulo ng sensor ng twist grip. Kung hindi, tanggalin ang panselyong takip mula sa mga index pin sa loob ng throttle grip gamit ang isang matigas na piraso ng kable ng mekaniko.

Para sa 2013 at mas lumang mga modelo, ang OE sensor ng twist grip ay DAPAT na palitan ng Kit ng Sensor ng Twist Grip (H-D {Piyesa Blg. 32310-08}). Tingnan ang Talahanayan 3.

Ang mga 2014 at mas bagong modelo ay gagamiting mula ang stock na sensor ng twist grip.

13. Kung kinakailangan, tingnan ang manwal ng serbisyo upang tanggalin at itapon ang OE na sensor ng twist grip at ang jumper harness ng sensor ng twist grip.




Figure 3. Takip ng Nacelle, Headlamp at Handlebar (FLHR ang pinapakita)

14. **Para sa mga Road King na Modelo Lamang:** Tingnan ang Figure 3 . Abutin sa loob ng nacelle ng headlamp (4), tanggalin ang flange nut (7) upang matanggal ang trim strip (5) sa itaas ng nacelle.

TALA

Ang mga Fat ape at fat mini-ape handlebar ay hindi akma sa OE wind deflector (6) sa mga **FLHRS na modelo** . Ang deflector at trim strip (5) sa mga modelong ito ay maaaring itapon, at isang **bagong** trim strip (H-D Piyesa Blg. 67868-03, makukuha nang hiwalay) ay dapat na ikabit.

15. **Para sa Hilagang Amerika at 2014 at mas bagong Internasyonal na mga modelo:** Tanggalin at itabi ang dalawang flat head Phillips na mga turnilyo (8) sa ilalim ng label plate na naghahawak ng takip ng handlebar sa fork lock. **Para sa 2013 at mas lumang Australia, Brazil, Inglatera, Europa at Japan:** Ang mga flat head na turnilyo(8) ay may mga natatanggal na ulo at hindi madaling matanggal. Upang matanggal ang mga turnilyo na may natatanggal na mga ulo, gumawa ng isang paunang butas sa itaas ng bawat turnilyo gamit ang isang center punch at hilahin ang turnilyo gamit ang isang 3 mm (1/8 pulgada) **kaliwang** drill bit. Kapag hindi ito nagtagumpay, gumamit ng isang 5 mm (3/16 pulgada) na long shank na drill bit upang maingat na matanggal ang mga ulo ng mga natatanggal na ulo na turnilyo. Gumamit ng mga playis upang matanggal ang mga katawan ng turnilyo mula sa fork lock.

16. **Para sa LAHAT ng Road King na modelo:** Tingnan ang manwal ng serbisyo at sumunod sa mga hakbang upang tanggalin at itapon ang takip ng handlebar, wind deflector at handlebar. **Para sa LAHAT ng Freewheeler na modelo:** Tingnan ang manwal ng serbisyo at sumunod sa mga hakbang upang tanggalin at itapon ang takip ng handlebar, headlamp nacelle at handlebar.

TALA

Tandaan ang pagkakasunod-sunod at oryentasyon ng riser hardware habang ito ay tinatanggal, at itabi ito para sa pagkakabit mamaya.

Maluwag na ikabit ang handlebar at mga clamp upang mapadali ang pagtatanggal ng pang-mount na mga bolt ng riser.

17. Tanggalin ang dalawang pang-mount na bolt ng riser mula sa ilalim ng pang-itaas na fork bracket. Tanggalin at itapon ang mga handlebar riser, ngunit itabi ang hardware para sa pagkakabit mamaya.

TALA

HUWAG tanggalin ang mga kable mula sa mga Molex o Deutsch handlebar switch connector housing sa loob ng nacelle.

18. 2013 at mas lumang mga modelo lamang. Tandaan ang mga kulay at posisyon ng mga kable sa bawat lalagyan ng mga housing ng connector na nagmumula sa mga switch. Sumangguni sa seksyon ng tamang connector sa appendix ng manwal ng serbisyo. Tanggalin ang mga kable (na may mga terminal ng socket) mula sa mga socket housing.

INTERNAL WIRING NG BAGONG HANDLEBAR

1. **Para sa mga Dyna at Softail na mga modelo:** Tanggalin ang anumang strap ng kable at plastik na retainer clip ng pagkakable na nagkabit sa mga switch harness sa OE na handlebar. **Para sa mga 2013 at mas lumang mga Road King na modelo:** Ikabit ang Kit ng Extended-Wire Handlebar Switch (nabibili nang hiwalay) sa kanan at kaliwang mga switch housing ng handlebar alinsunod sa tagubilin sa kit na **iyon**. **Para sa LAHAT ng modelo:** Tingnan ang Figure 10. I-slide ang isang malaking grommet (3) sa bawat mga kumpol ng kable ng switch, na pinoposisyon ang grommet na malapit sa dulo ng switch.

2. Gumamit ng tape upang balutin ang mga dulo ng terminal ng kable mula sa bawat pinagmulan upang gumawa ng mga hiwalay na leader. Balutin ang bawat leader nang may sapat na higpit upang maipasok sa butas ng grommet at madaling maidaan sa loob ng bagong handlebar.

TALA

*Nakakatulong ang mga gabay na tali (o manipis na kable) sa pagruruta ng mga kumpol ng kable sa loob ng handlebar. Para sa **bawat** kumpol ng kable na iruruta sa loob ng handlebar, magruta muna ng isang hiwalay na tali papasok sa bar.*

Paisa-isa, i-tape ang isang tali nang maigi sa tamang dulo ng kumpol ng kable. Hanggang sa paggamit, ikabit ang natitirang mga gabay na tali sa handlebar sa bawat dulo upang maiwasan ang mahila nang wala sa oras.

Hilahin ang tali papasok sa bar upang iruta ang kumpol ng kable papunta sa tamang labasan.

Ang partikular na mga tagubilin para sa bawat kumpol ng kable ay susunod.

3. **Para sa mga modelo na WALANG senyas ng pagliko na naka-mount sa handlebar:** Magpatuloy sa **Hakbang 9** (pagkatapos ng Figure 5). **Para sa mga modelo na MAY mga senyas sa pagliko na naka-mount sa handlebar:** Kung ang orihinal na mga kable ng senyas sa pagliko ay dumaraan sa mga switch housing at sa loob ng handlebar sa malaking butas (J), magpatuloy sa **hakbang 4** (pagkatapos ng Figure 4). Tingnan ang Larawan 4. Kung ang orihinal na mga kable ng senyas sa pagliko ay sa **labas nakaruta** ang mga senyas sa pagliko na ito ay nangangailangan ng reloksyon mula sa mga handlebar. Ilipat sa panahong ito habang sinusunod ang mga tagubilin sa naaangkop na kit ng reloksyon.

4. **Kung ang orihinal na mga kable ng senyas sa pagliko ay dumaan PAPASOK sa mga housing:** Tanggalin ang senyas sa pagliko mula sa assembly ng harapang brake lever (mirror stalk) at hayaang nakalaylay mula sa switch housing. Takpan o kung hindi man ay protektahan ang senyas sa pagliko mula sa pinsala hanggang sa pagkakabit mamaya.

TALA

Tingnan ang Figure 5. Tiyakin na ang malaking grommet (7) ay nakaposisyon sa kumpol ng kable ng switch at senyas sa pagliko, na malapit sa dulo ng switch.




Figure 4. Ang mga Senyas sa Pagliko na Naka-mount sa Handlebar na Nangangailangan ng Relokasyon

5. Magpahid ng kaunting likidong sabon, panlinis ng bintana, o all-purpose lubricant sa mga kumpol ng kable ng kanang senyas sa pagliko at switch.
6. Habang nakalagay ang handlebar sa isang makinis at malambot na ibabaw, at nakataas ang mga dulo ng grip, maingat na ipasok ang kumpol ng kable ng kanang switch sa malaking butas sa ilalim ng bagong handlebar at papunta sa malaking butas sa gitna ng bar.

▲ BABALA

Maingat na hilahin ang mga kawad papasok ng butas sa handlebar upang iwasang mabalatan ang mga kawad. Ang mga nabalatang kawad ay maaaring maging sanhi ng mga short circuit at pinsala sa mga de-kuryenteng bahagi ng sasakyan, na maaaring maging sanhi ng pagkawala ng kontrol sa sasakyan na nagreresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00418b)

7. Hilahin ang mga nakatape na dulo ng kumpol ng kable sa labasan na butas sa gitna ng handlebar, na dinadala ang switch housing sa tinatantiyang huling posisyon. **HUWAG** ikabit ang switch housing sa handlebar sa ngayon.
8. Ulitin ang Hakbang 4 hanggang 7 para sa mga kumpol ng kable ng kaliwang switch. Magpatuloy sa **Hakbang 13**.

TALA

Ang mga senyas ng pagliko na ito ay nangangailangan ng reloksyon mula sa mga handlebar. Ilipat sa panahong ito habang sinusunod ang mga tagubilin sa naaangkop na kit ng reloksyon.





Figure 5. Pagruruta ng Kable ng Senyas ng Pagliko at Switch Papasok ng Switch Housing

9. Kung ang orihinal na mga kable ng senyas ng pagliko ay **INILIPAT**, o **WALANG** senyas ng pagliko na naka-mount sa handlebar: Maglagay ng kaunting likidong sabon, panlinis ng bintana o all-purpose lubricant sa kanang **switch** na kumpol ng kable.
10. Tingnan ang Figure 6. Habang nakalagay ang handlebar sa isang makinis at malambot na ibabaw, at nakataas ang mga dulo ng grip, maingat na ipasok ang kumpol ng kable ng kanang switch sa malaking butas sa ilalim ng bagong handlebar at papunta sa malaking butas sa gitna ng bar.

▲ BABALA

Maingat na hilahin ang mga kawad papasok ng butas sa handlebar upang iwasang mabalatan ang mga kawad. Ang mga nabalatang kawad ay maaaring maging sanhi ng mga short circuit at pinsala sa mga de-kuryenteng bahagi ng sasakyan, na maaaring maging sanhi ng pagkawala ng kontrol sa sasakyan na nagreresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00418b)

11. Hilahin ang mga nakatape na dulo ng kumpol ng kable sa labasan na butas sa gitna ng handlebar, na dinadala ang switch housing sa tinatantiyang huling posisyon. **HUWAG** ikabit ang switch housing sa handlebar sa ngayon.
12. Ulitin ang Hakbang 9 hanggang 11 para sa mga kumpol ng kable ng kaliwang switch.



1. Gitnang butas para sa wire
2. Itaas na pangkabit na turnilyo ng switch
3. Ibabang pang-mount na turnilyo ng switch
4. Iposisyon sa bahaging naiipit sa dulo ng switch, sa ibabaw ng mga wire ang butas sa handlebar
5. Panatiliing malayo ang mga wire sa mga bahaging naiipit na malapit sa threaded post
6. Malaking grommet

Figure 6. Pagruruta ng Wire ng Switch Housing

▲ BABALA

Ang mga grommet sa bawat butas ng mga kable sa handlebar ay dapat manatili sa posisyon matapos idaan ang mga kable sa handlebar. Ang pagpapatakbo nang wala sa lugar ang mga grommet ay maaaring makapinsala sa mga kawad, na nagiging sanhi ng short circuit na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00416d)

13. Para sa LAHAT ng modelo: Tingnan ang Figure 10 . Ipasok ang mga grommet ng kable ng switch (3) sa puwesto sa mga butas ng kable ng switch sa handlebar.

TALA

Maaaring makatulong ang kaunting likidong sabon, panlinis ng bintana o all-purpose lubricant sa pagkakabit ng grommet.

14. Para sa lahat ng modelo MALIBAN sa 2008 at mas bagong mga Road King at Freewheeler na modelo: Magpatuloy sa **PROTEKSYON NG KABLE** .

TALA

Para sa 2008-2008-2013 na mga Road King na modelo:

HUWAG gamitin ang OE na sensor ng twist grip sa bagong handlebar. Ang maliit na berdeng connector sa OE sensor ay hindi akma sa mga handlebar na may mga kable sa loob. Ang OE sensor ay DAPAT palitan gamit ang Kit ng Sensor ng Twist Grip (H-D Piyesa Blg. 32310-08, nabibili ng hiwalay). Tingnan ang Figure 11 at Talahanayan 3 .

Para sa 2014 at Mas Bagong Road King at Freewheeler na mga modelo:

